# INTERNATIONAL NAPASA (October 7th 2025)

## 1) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa October 19 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***KYOTO SANKA FC.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 3:00 ng hapon. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng
**¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 2) PAGHAHANAP NG MGA BATANG PAPASOK SA NURSERY SCHOOL

保育園の入園児の募集のお知らせ

Para sa mga batang papasok ng Daycare (Hoikuen) sa isang taon ng April 2026 ay maaari ng magpa-reserba ng maaga sa Website ng Siyudad mula sa October 1. At mula sa October 8 hanggang November 7 ay panahon ng pag-aapply ng mga dokumento. Nakatala sa Website ng Hiratsuka City ang Application Form at maaari ring mag-apply sa ekanagawa. Para sa iba pang inpormasyon ay makipag-alam sa ***CHILD CARE DIVISION (HOIKU KA)***. **Telephone Number 0463-21-9612 (0463-21-9612).**

## 3) UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG NOBYEMBRE

11月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba't-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AEROBICS, YOGA, CORE CONDITIONING EXERCISE, TABLE TENNIS*** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa October 15 (Wednesday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing Foundation.

## 4) IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN ・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa October 12 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na "***SUNSUN ・MARCHE"*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay

## 5) IMPORMASYON UKOL SA BONE DENSITY MEASUREMENT TESTING EVENT

骨密度の測定会のお知らせ

Sa October 15 (Wednesday) ay magkakaroon ng “***BONE DENSITY MEASUREMENT TESTING EVENT”,*** mula 10:00 ng umaga hanggang 3:00 ng hapon sa Health Center sa Higashi Nakahara. Tatanggap ng hanggang 80 taong naunang dumating na may edad 20 pataas at kasalukuyang naninirahan sa loob ng Lungsod ng Hiratsuka. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay tumawag lamang sa ***HEALTH DIVISION (KENKO KA)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0463-55-2111 (0463-55-2111).**